# Ngayon at Kailanman: Pag-unawa "Ang Pahayag" Sa Ngayon

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Albert Garong
Nobyembre 18, 2023

Ang "Aklat ng Pahayag" ay ang huling bahagi sa Bibliya. Madalas na mali ang pagkakaintindi na ito ay tumutukoy sa araw ng paghuhukom o katapusan ng mundo. Gayunpaman, sinabi ng may-akda, si Juan na Alagad, na hindi lamang ito para sa hinaharap, kundi para rin sa pangkasalukuyang sitwasyon. Ito ay punong-puno ng mga tiyak na simbolo na nagpapahiwatig ng espiritwal na katotohanan. Pinapa-alala sa tao na piliin ang Diyos, gumawa ng mabuti at makakamit ang huling hantungan, ang langit. Ito ay punong-puno ng pag-asa na ang sinumang sumunod sa Diyos ay makakamtan ang Paraiso.

**Ang mga simbolo sa Aklat ng Pahayag:**

**1. Mga bilang na Pito.** Ito ay perpektong bilang. Nilikha ng Diyos ang mundo sa loob ng 7 araw. Tinuruan tayo ni Hesus na magpatawad 70x7 na ulit (Mateo 18:22). Ito rin ay sumasagisag sa mga trahedya kagaya ng 7 Salot sa Ehipto (Exodo 7-11).

2. **Ang Apat na Mangangabayo.** Sila ang kumakatawan sa pananakop, digmaan, tag-gutom at kamatayan. Ang lahat ng ito ay paghihirap ng unang simbahan. Inuusig ang mga unang Kristiyano; nalupig sila dahil itinuturing silang kaaway ng lipunan; tiniis nila ang gutom at marami ang nangamatay(Pahayag 6:1-7).

3. **Ang Dragon/Ahas.** Ang simbolo ng nag-iisang kaaway ng Diyos ay ang demonyo. Hindi siya nagtatagumpay sa Diyos; kaya, nagtangka siyang manalo sa pamamagitan ng pang-aakit ng maraming kaluluwa na matukso at magkasala. Kaya, napigilan niya silang pumunta sa langit.

4. **Ang Dalawang Halimaw.** Ito ay mga kasangkapan ng demonyo: ang isang hayop ay kumakatawan sa kapangyarihan at ang isa ay kumakatawan sa salapi. Mabilis na pinipili ng tao ang kapangyarihan at yaman kaysa sa Diyos. Ipinagpapaliban nila ang kanilang obligasyon tulad ng pagdalo sa misa, pagkukumpisal, pagdadasal. Sa halip, mas inuuna nila ang trabaho at mga nakakaaliw na gawain. May mga taong nagiging sakim sa kapangyarihan at nakakalimutan na ang kagandahang asal. "Walang makapaglilingkod ng sabay sa dalawang panginoon…hindi kayo makapaglilingkod nang sabay sa Diyos at kayamanan" (Mateo 6:24).

**5. 666 na nasa Noo**. Ang anim ay hindi perpektong bilang. Ito ay marka na inilagay ng halimaw sa noo ng kanyang mga tagasunod bilang tanda ng katapatan sa kanya (Pahayag 13:16). Ito ay kumakatawan kay Nero Caesar o halimaw sa Hebreo. Pinili niya ang marka sa noo dahil inihalintulad nya sa Shema, na naghihikayat sa mga Hudyo na ibigkis ang mga utos sa kanilang noo bilang paalala na ituon ang kanilang kaisipan at aksyon sa Diyos (Deut.6:4-8).

6**. Ang 144,000.** Ang numerong ito ay nagmula sa 12 tribo ng Israel sa Lumang Tipan. May 12,000 na hukbo sa bawat labing dalawang tribo. Ngunit sa Pahayag, hindi lamang sila mga Israelita. Ang bilang na ito ay kumakatawan sa mga tapat sa Diyos sa buong mundo (Pahayag 7:4).

7.**Ang Armageddon**. Ito ay lugar sa bandang hilaga ng Israel kung saan maraming digmaan ang naganap. Ito ay simbolo ng huling pakikipaglaban noong nagtipon-tipon ang mga bansang laban sa Diyos upang wasakin ang mga tapat, ang Simbahan (Pahayag 16:16).

8.**Ang pinatay na Kordero/si Hesus sa Kabayo**. Si Hesus ay nakasakay sa kabayo, at nababalutan ng Kanyang sariling dugo, kumakatawan ng Kanyang sakripisyo. Ang pakikipaglaban kay Satanas ay hindi ibig sabihin magtatapat ang bawat pwersa, galit sa galit. Kundi, ang ibig sabihin ay pag-ibig at pagsuko sa plano ng Diyos (Pahayag 5).

**Konklusyon:**

Ang labanan ay napagtagumpayan na ni Hesus sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo at pagmamahal. Inilagay Niya ang kanyang sarili sa krus at sa puso ng mga tapat na tao na pinili ang Diyos sa kabila ng kanilang mga pagsubok sa buhay.

**Pagninilay**:

Ano ang iyong mga halimaw? Ito ba ay pera, kapangyarihan, *gadgets*? Paano mo inilalayo sa iyo ang mga ito at mag pokus na lang kay Hesus?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**For more teachings, visit our website:https://lordsflock.org/digests**
Tags:#Pahayag